

Kagawaran ng Kalusugan sa Vermont COVID-19 Pagbabakuna ng Pangalawang Dosis Kasulatan ng Pagsang-ayon

Pangalan ng Pasyente: _____ DOB: _____

Inilathala ng Centers for Disease Control and Protection (CDC):

Paghahalili ng mga produktong bakuna para sa COVID-19

Anumang kasalukuyang bakuna para sa COVID-19 na pinahintulutan ng FDA ay maaaring gamitin kung nakasaad. Ang ACIP ay hindi nagbabanggit ng pagtatangi sa isang produkto. Gayunpaman, ang mga bakuna sa COVID-19 ay **hindi** maaaring ipagpalit. Ang kaligtasan at bisa ng isang serye ng pinaghalong produkto ay hindi pa nasusuri. Ang parehong dosis ng isang serye ay dapat makumpleto gamit ang parehong produkto.

Sa mga pambihirang pagkakataon kung saan ang bakunang mRNA na ibinigay para sa unang dosis ay hindi matukoy o naubos, ang anumang bakunang mRNA sa COVID-19 ay maaaring ibigay sa pinakamababang agwat na 28 araw sa pagitan ng mga dosis upang makumpleto ang serye ng pagbabakunang mRNA laban sa COVID-19. Sa mga sitwasyon kung saan ang parehong bakunang mRNA ay pansamantalang naubos, mas mabuti na ipagpaliban ang pangalawang dosis (hanggang 6 na linggo) upang makatanggap ng parehong produkto kaysa makatanggap ng magkahalong serye gamit ang ibang produkto. Kung ang dalawang dosis ng magkaibang bakunang mRNA sa COVID-19 ay ibinigay sa mga sitwasyong ito (o nang hindi sinasadya), walang karagdagang dosis ng alinmang produkto ang inirerekomenda sa ngayon. Ang mga nasabing tao ay itinuturing na lubos nang nabakunahan laban sa COVID-19 ≥ 2 linggo pagkatapos matanggap ang pangalawang dosis ng isang bakunang mRNA.

Ang kaligtasan at bisa ng bakuna sa COVID-19 ng Janssen na ibinigay pagkatapos ng bakunang mRNA sa COVID-19 ay hindi pa nalalaman. Gayunpaman, sa limitado at pambihirang mga sitwasyon kung saan ang pasyente ay nakatanggap ng unang dosis ng bakunang mRNA sa COVID-19 ngunit hindi nakumpleto ang serye ng pareho o magkaibang bakunang mRNA (hal., dahil sa kontraindikasyon), ang solong dosis ng bakuna sa COVID-19 ng Janssen ay maaaring ikonsidera sa pinakamababang agwat na 28 araw mula sa dosis ng bakunang mRNA. Ang mga pasyente na tumatanggap ng bakunang mRNA laban sa COVID-19 ay dapat ikonsiderang nakatanggap ng tama at solong dosis na bakuna ng Janssen— hindi isang pinaghalong serye ng pagbabakuna— at kinokonsiderang lubos nang nabakunahan laban sa COVID-19 ≥ 2 linggo pagkatapos matanggap ang solong dosis ng bakuna ng Janssen.

- **Ipinaalam ko sa kawani ng klinika kung ano ang pinaniniwalaan kong totoo at saktong produktong bakuna laban sa COVID-19 ang natanggap ko (o ng pasyenteng nakasulat sa itaas) bilang unang dosis (ibig sabihin, Pfizer-BioNTech, Moderna).**
- **Ipinaalam ko sa kawani ng klinika kung ano ang pinaniniwalaan kong totoo at saktong petsa na natanggap ko (o ng pasyenteng nakasulat sa itaas) ang unang dosis ng bakuna sa COVID-19.**
- **Nauunawaan ko na hindi makukumpirma ng Kagawaran ng Kalusugan sa Vermont at ng klinika sa pagbabakuna na ito ang katiyakan ng naunang dosis (ibig sabihin, Pfizer-BioNTech, Moderna) na natanggap ko (o ng pasyenteng nakasulat sa itaas).**

Kagawaran ng Kalusugan sa Vermont
COVID-19 Pagbabakuna ng Pangalawang Dosis
Kasulatan ng Pagsang-ayon

- Nabasa ko ang mga babasahing materyal sa itaas mula sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC) hinggil sa paghahalili ng produktong bakuna laban sa COVID-19 na nagpapaliwanag hinggil sa pagpapalit ng uri ng bakuna na natanggap sa pangalawang dosis.
- Naiintindihan ko na ang kaligtasan at bisa ng pagtanggap ng dalawang magkakaibang uri ng bakuna sa COVID-19 (hal. pagtanggap ng Moderna para sa unang dosis at Pfizer-BioNTech sa pangalawang dosis) ay hindi pa napag-aaralan at natutukoy.

Lagda ng Pasyente: _____

Petsa ng Paglagda sa Kasulatan ng Pagsang-ayon: _____

Lagda ng Magulang/Ligal na Tagapag-alaga* (kung ang pasyente ay wala pang 18 taong gulang) _____

*Kung ang menor de edad ay nasa pangangalaga ng estado, kinakailangan ang lagda ng awtorisadong kinatawan.

Pangalan ng Magulang/Ligal na Tagapangalaga (pakisulat): _____

Bilang ng Telepono sa Umaga ng Magulang/Ligal na Tagapag-alaga sa:** _____

**Kung ang magulang/ligal na tagapag-alaga ay hindi makakapunta sa klinika.